# *Ang Bautismo ng Banal na Espiritu at ang Pagpapatong ng mga Kamay*

Sa pagbabautismo sa tubig, ang tao ay inilulubog at inililibing sa tubig bilang tanda ng kamatayan sa lumang buhay at pagsisimula ng bagong buhay. Sa pagbabautismo ng Banal na Espiritu, ang mananampalataya ay pinuspos, ngunit sa pagkakataong ito ito ay mula sa itaas ni Jesus mismo na nagbautismo, pinupuspos, umaapaw at pumapalibot sa tao ng Banal na Espiritu. Sa pagbabautismo sa tubig, tayo ay binbautismuhan kay Jesus. Sa pagbabautismo ng Banal na Espiritu, tayo ay binabustismuhan sa Banal na Espiritu.

Tungkol sa pagbabautismo kay Jesus, nang Siya ay binautismuhan sa tubig, Siya rin ay binautismuhan sa parehong panahon ng Espiritu Santo. Nakikita natin mula sa Banal na Kasulatan na ang Kanyang pagbabautismo ay pinropesiya: Sinasabi sa ***Isaias 11:2*** na ang Espiritu ng Panginoon ay mananahan sa Kanya, ***"2 At ang Espiritu ng PANGINOON ay sasa kaniya, ang diwa ng karunungan at ng kaunawaan, ang diwa ng payo at ng katibayan, ang diwa ng kaalaman at ng takot sa Panginoon;" (Isaias 11:2)*** Sa Lumang Tipan, maraming mga propeta at iba pa ang pinahiran ng Espiritu ng Dios pansamantala. Ipinapakita ng talatang ito, ***Isaias 11:2***, na ang Espiritu ay hindi mawawala kay Jesus kundi mananatili sa Kanya. Sinasabi ng ***Isaias 42:1***, ***"Narito, ang aking lingkod, na aking inaalalayan; ang aking hinirang, na kinalulugdan ng aking kaluluwa; isinakaniya ko ang aking Espiritu; siya'y maglalapat ng kahatulan sa mga Gentil."*** Nang si Jesus ay binautismuhan, bumaba ang Espiritu ng Dios sa anyo ng isang kalapati na tinutupad ang mga nabanggit na propesiya, ***"16 At nang mabautismuhan si Jesus, pagdaka'y umahon sa tubig: at narito, nangabuksan sa kaniya ang mga langit, at nakita niya ang Espiritu ng Dios na bumababang tulad sa isang kalapati, at lumalapag sa kaniya;" (Mateo 3:16)*** Si Jesus ay puspos ng Banal na Espiritu pagkatapos ng Kanyang bautismo sa tubig, ***"At si Jesus, na puspos ng Espiritu Santo ay bumalik mula sa Jordan at inihatid ng Espiritu sa ilang," (Lucas 4:1)*** At sa talata 15 nagpatuloy na si Jesus ay bumalik sa Galileo sa kapangyarihan ng Espiritu. ***"14 At magkakaroon ka ng ligaya at galak; at marami ang maliligaya sa pagkapanganak sa kaniya." (Lucas 1:14 KJV)*** Ipinakita sa mga kilos ni Jesus ang supernatural na kaganapan na mayroon Siya mula sa Diyos Ama: Sa ***Juan 10:38*** sinabi ni Jesus sa Kanyang mga alagad, na maniwala sa mga himala na Kanyang ginagawa, upang kanilang malaman at maunawaan na ang Ama ay sumasa Kanya, at Siya sumasa Ama. ***"38 Datapuwa't kung ginagawa ko, ang mga yaon kahit hindi kayo magsisampalataya sa akin, ay magsisampalataya kayo sa mga gawa; upang maalaman ninyo at mapagunawa na ang Ama ay nasa akin, at ako'y nasa Ama." (Juan 10:38 KJV)***

Inutusan ni Jesus ang Kanyang mga alagad na maghintay sa pagpuspos ng Banal na Espiritu. Nang maghanda si Jesus na lisanin ang mundo pagkatapos ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli, sinabi Niya sa Kanyang mga alagad na maghintay sa kapangyarihan mula sa itaas, na nangangahulugang ang bautismo ng Banal na Espiritu, upang sila ay maging Kanyang mga saksi. ***"4 At, palibhasa'y nakikipagpulong sa kanila, ay ipinagutos niya sa kanila na huwag silang magsialis sa Jerusalem, kundi hintayin ang pangako ng Ama, na sinabi niyang narinig ninyo sa akin: 5 Sapagka't tunay na si Juan ay nagbautismo ng tubig; datapuwa't kayo'y babautismuhan sa Espiritu Santo na di na malalaunan pa. 8 Datapuwa't tatanggapin ninyo ang kapangyarihan, pagdating sa inyo ng Espiritu Santo: at kayo'y magiging mga saksi ko sa Jerusalem, at sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa kahulihulihang hangganan ng lupa." (Mga Gawa 1:4-5, 8 KJV)***

Ang kaloob na ito ng pagbabautismo ng Espiritu Santo ay ipinangako rin sa mga mananampalataya sa Lumang Tipan sa aklat ni Joel, ***"28 At mangyayari pagkatapos, na ibubuhos ko ang aking Espiritu sa lahat ng laman; at ang inyong mga anak na lalake at babae ay manganghuhula, ang inyong mga matanda ay magsisipanaginip ng mga panaginip, ang inyong mga binata ay mangakakakita ng mga pangitain: 29 At sa mga lingkod na lalake at babae naman ay ibubuhos ko sa mga araw na yaon ang aking Espiritu." (Joel 2:28-29 KJV)*** Si Jesus ang nagbibigay ng bautismo ng Espiritu Santo. Sinabi ni Juan sa kanyang mga tagasunod na si Jesus ang magbautismo sa kanila ng Espiritu Santo at ng apoy, ***"16 Ay sumagot si Juan na sinasabi sa kanilang lahat, Katotohanang binabautismuhan ko kayo ng tubig; datapuwa't dumarating ang lalong makapangyarihan kay sa akin; ako'y hindi karapatdapat magkalag ng panali ng kaniyang mga pangyapak: kayo'y babautismuhan niya sa Espiritu Santo at sa apoy:" (Lucas 3:16 KJV)*** Pansinin na habang ang Banal na Espiritu ay bumaba kay Jesus na parang kalapati, Siya ay darating sa mga mananampalataya bilang apoy. Perpekto si Jesus at hindi Niya kailangan ang nagliliyab at nililinis na kapangyarihan ng Banal na Espiritu gaya ng kailangan natin.

Ang Banal na Espiritu ay para lamang sa mga muling ipinanganak na mananampalataya. Sa ***Mga Gawa 19***, tinanong ni Pablo ang mga mananampalataya sa Efeso kung natanggap na ba nila ang bautismo ng Banal na Espiritu. ***"1 At nangyari, na, samantalang si Apolos ay nasa Corinto, pagkatahak ni Pablo ng mga lupaing matataas ay napasa Efeso, at nakasumpong ng ilang mga alagad: 2 At sa kanila'y sinabi niya, Tinanggap baga ninyo ang Espiritu Santo nang kayo'y magsisampalataya? At sinabi nila sa kaniya, Hindi, hindi man lamang namin narinig na may ibinigay na Espiritu Santo." (Mga Gawa 19:1-2 KJV)*** Pagkatapos bautismuhan sila sa tubig, Ipinatong Niya ang mga kamay sa kanila at ang pinuspos sila ng Banal na Espritu, ***"5 At nang***

***kanilang marinig ito, ay nangapabautismo sila sa pangalan ng PANGINOONG Jesus. 6 At nang maipatong na ni Pablo sa kanila ang kaniyang mga kamay, ay bumaba sa kanila ang Espiritu Santo; at sila'y nagsipagsalita ng mga wika, at nagsipanghula." (Mga Gawa 19:5-6 KJV)***

Sa ***Mga Gawa 11***, sinabi ni Pedro na pumunta siya sa bahay ni Cornelio, isang Gentil, hindi isang Judio, at habang siya ay nangangaral sa bahay na iyon ay bumaba ang Banal na Espiritu sa kanila gaya ng sa mga Judio nang siya ay magpatotoo ng mga sumusunod: ***"15 At nang ako'y magpasimulang magsalita, ay bumaba sa kanila ang Espiritu Santo, na gaya naman ng pagbaba sa atin nang una. 16 At naalaala ko ang salita ng PANGINOON, kung paanong sinabi niya, Tunay na si Juan ay nagbautismo ng tubig; datapuwa't kayo'y babautismuhan sa Espiritu Santo. 17 Kung ibinigay nga sa kanila ng Dios ang gayon ding kaloob na gaya naman ng kaniyang ibinigay sa atin, nang tayo'y nagsisisampalataya sa PANGINOONG Jesucristo, sino baga ako, na makahahadlang sa Dios?" (Mga Gawa 11:15-17 KJV)***

Ang Banal na Espiritu ay ibinigay sa mga humingi sinasabi sa ***Juan 14:12-17*** maaring humingi ng anuman sa pangalan ni Jesus, ***"12 Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ang sa akin ay sumasampalataya, ay gagawin din naman niya ang mga gawang aking ginagawa; at lalong dakilang mga gawa kay sa rito ang gagawin niya; sapagka't ako'y paroroon sa Ama. 13 At ang anomang inyong hingin sa aking pangalan, ay yaon ang aking gagawin, upang ang Ama ay lumuwalhati sa Anak. 14 Kung kayo'y magsisihingi ng anoman sa pangalan ko, ay yaon ang aking gagawin. 15 Kung ako'y inyong iniibig, ay tutuparin ninyo ang aking mga utos. 16 At ako'y dadalangin sa Ama, at kayo'y bibigyan niya ng ibang Mangaaliw, upang siyang suma inyo magpakailan man, 17 Sa makatuwid baga'y ang Espiritu ng katotohanan: na hindi matatanggap ng sanglibutan; sapagka't hindi nito siya nakikita, ni nakikilala man siya: siya'y nakikilala ninyo; sapagka't siya'y tumatahan sa inyo, at sasa inyo." (Juan 4:12-17 KJV)***

***Lucas 11:13*** hinihikayat tayo na hilingin sa Dios Ama na tanggapin ang Banal na Espiritu, ***"13 Kung kayo nga, bagaman masasama, ay marurunong mangagbigay ng mabubuting kaloob sa inyong mga anak, gaano pa kaya ang inyong Ama sa kalangitan na magbibigay ng Espiritu Santo sa nagsisihingi sa kaniya?" (Lucas 11:13 KJV)***

Paano at kailan nababautismuhan ang mga tao sa Banal na Espiritu? Maaaring mangyari ito sa maraming paraan.

1. Minsan ang Banal na Espiritu ay biglang bumaba o ibinuhos. Sa ***Mga Gawa 10:44-47***, ang Espiritu ay ibinuhos habang nagsasalita si Pedro. ***"44 Samantalang nagsasalita pa si Pedro ng mga salitang ito, ay bumaba ang Espiritu Santo sa lahat ng nangakikinig ng salita. 45 At silang sa pagtutuli na nagsisampalataya ay nangamanghang lahat na nagsiparoong kasama ni Pedro, sapagka't ibinuhos din naman sa mga Gentil ang kaloob na Espiritu Santo. 46 Sapagka't nangarinig nilang nangagsasalita ang mga ito ng mga wika, at nangagpupuri sa Dios. Nang magkagayo'y sumagot si Pedro, 47 Mangyayari bagang hadlangan ng sinoman ang tubig, upang huwag mangabautismuhan itong mga nagsitanggap ng Espiritu Santo na gaya naman natin" (Mga Gawa 10:44-47 KJV)***

2. Nang araw ng Pentecostes, dumating ang Banal na Espiritu sa mga alagad na parang tunog ng malakas na hangin, na nagmula sa Langit at pinuspos ang buong bahay kung saan sila nakaupo, at may mga dila na parang apoy na lumapat sa bawat isa sa kanila, ***"1 At nang dumating nga ang araw ng Pentecostes, silang lahat ay nangagkakatipon sa isang dako. 2 At biglang dumating mula sa langit ang isang ugong na gaya ng sa isang humahagibis na hanging malakas, at pinuno ang buong bahay na kanilang kinauupuan. 3 At sa kanila'y may napakitang mga dilang kawangis ng apoy, na nagkabahabahagi; at dumapo sa bawa't isa sa kanila. 4 At silang lahat ay nangapuspos ng Espiritu Santo, at nangagpasimulang magsalita ng iba't ibang wika, ayon sa ipinagkakaloob ng Espiritu na kanilang salitain." (Mga Gawa 2:1-4 KJV)***

3. Minsan ay puspos ang mga tao ng Banal na Espiritu habang pinatungan sila ng kmay ng iba at nananalangin: Sa ***Mga Gawa 8:14-17***, ipinatong ni Pedro at Juan ang kanilang mga kamay sa mga mananampalataya sa Samaria at tinanggap nila ang Banal na Espiritu, ***"14 Nang mabalitaan nga ng mga apostol na nangasa Jerusalem na tinanggap ng Samaria ang salita ng Dios, ay sinugo nila sa kanila si Pedro at si Juan: 15 Na nang sila'y makalusong, ay ipinanalangin nila sila, upang kanilang tanggapin ang Espiritu Santo. 16 Sapagka't ito'y hindi pa bumababa sa kanino man sa kanila: kundi sila'y nangabautismuhan lamang sa pangalan ng PANGINOONG Jesus. 17 Nang magkagayo'y ipinatong sa kanila ang kanilang mga kamay, at kanilang tinanggap ang Espiritu Santo." (Mga Gawa 8:14-17 KJV)***

4. Minsan nangyayari ang bautismo ng Banal na Espiritu bago ang bautismo sa tubig. Sa ***Mga Gawa 10:44***, nakita ni Pedro na natanggap na nila ang Banal na Espiritu at samakatuwid ay dapat ding silang bautismuhan sa tubig, ***"44 Samantalang nagsasalita pa si Pedro ng mga salitang ito, ay bumaba ang Espiritu Santo sa lahat ng nangakikinig ng salita. 45 At silang sa pagtutuli na nagsisampalataya ay nangamanghang lahat na***

***nagsiparoong kasama ni Pedro, sapagka't ibinuhos din naman sa mga Gentil ang kaloob na Espiritu Santo. 46 Sapagka't nangarinig nilang nangagsasalita ang mga ito ng mga wika, at nangagpupuri sa Dios. Nang magkagayo'y sumagot si Pedro, 47 Mangyayari bagang hadlangan ng sinoman ang tubig, upang huwag mangabautismuhan itong mga nagsitanggap ng Espiritu Santo na gaya naman natin? 48 At inutusan niya sila na magsipagbautismo sa pangalan ni Jesucristo. Nang magkagayo'y kanilang ipinamanhik sa kaniya na matirang mga ilang araw." (Mga Gawa 10:44-48 KJV)***

5. Minsan ang bautismo ng Banal na Espiritu ay naganap matapos ang bautismo sa tubig. ***Mga Gawa 19:5-6*** Una silang binautismuhan ni Pablo sa tubig, pagkatapos ay ipinatong niya ang kanyang mga kamay sa kanila at bumaba ang Banal na Espiritu sa kanila, at sila ay nagsalita sa mga wika at nanganghula. ***"5 At nang kanilang marinig ito, ay nangapabautismo sila sa pangalan ng PANGINOONG Jesus, 6 At nang maipatong na ni Pablo sa kanila ang kaniyang mga kamay, ay bumaba sa kanila ang Espiritu Santo; at sila'y nagsipagsalita ng mga wika, at nagsipanghula." (Mga Gawa 19:5-6 KJV)***

Ang mga alagad ni Jesus at tayo na kabilang sa kanila ay binautismuhan sa Banal na Espiritu upang tayo ay mapuspos ng kapangyarihan upang maging saksi. Sa ***Lucas 24:49***, sinabi ni Jesus sa Kanya mga alagad na manatili sa lungsod hanggang sa sila ay masangakapan ng kapangyarihan mula sa itaas, ***"49 At narito, ipadadala ko sa inyo ang pangako ng aking Ama, datapuwa't magsipanatili kayo sa bayan, hanggang sa kayo'y masangkapan ng kapangyarihang galing sa itaas." (Lucas 24:49)***

Ang pinaka-karaniwang unang palatandaan ng bautismo ng Banal na Espiritu ay yaong mga binautismuhan ng Banal na Espiritu ay nagsasalita sa mga wika. Ito ay isang wika na hindi nila natutunan ngunit kayang salitaing ng supernatural. Minsan ito ay isang wikang pantao at minsan isang anghelikong wika. Sinasabi sa ***Mga Gawa 10:46*** na nang sila'y mabautismuhan, narinig silang nagsasalita sa mga wika at nagpupuri sa Dios, ***"44 Samantalang nagsasalita pa si Pedro ng mga salitang ito, ay bumaba ang Espiritu Santo sa lahat ng nangakikinig ng salita. 45 At silang sa pagtutuli na nagsisampalataya ay nangamanghang lahat na nagsiparoong kasama ni Pedro, sapagka't ibinuhos din naman sa mga Gentil ang kaloob na Espiritu Santo. 46 Sapagka't nangarinig nilang nangagsasalita ang mga ito ng mga wika, at nangagpupuri sa Dios. Nang magkagayo'y sumagot si Pedro," (Mga Gawa 10:44-46 KJV)*** Sa araw ng Pentecostes silang lahat ay nangasalita sa iba't ibang wika, ***"4 At silang lahat ay nangapuspos ng Espiritu Santo, at nangagpasimulang magsalita ng iba't ibang wika, ayon sa ipinagkakaloob ng Espiritu na kanilang salitain." (Mga Gawa 2:4 KJV)***

Maari ring mangyari ang iba pang bagay sa mga kamay ng mga nabautismuhan ng Banal na Espiritu, tulad ng pagpapagaling sa mga may sakit, at pagkakaroon ng mga himala. Ipinapangako sa ***Marcos 16*** na maraming palatandaan ang magaganap sa mga mananalig na ating binabasa. ***"17 At lalakip ang mga tandang ito sa magsisisampalataya: mangagpapalabas sila ng mga demonio sa aking pangalan; mangagsasalita sila ng mga bagong wika; 18 Sila'y magsisihawak ng mga ahas, at kung magsiinom sila ng bagay na makamamatay, sa anomang paraan ay hindi makasasama sa kanila; ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga may-sakit, at sila'y magsisigaling." (marcos 16:17-18 KJV)***

Dapat manampalataya ang mga mananampalataya at asahan na mabautismuhan ng Banal na Espiritu. Nang makilala ni Pablo ang mga taga-Efeso na hindi pa tumatanggap ng Banal na Espiritu, hinikayat niya sila na manampalataya na maaari nila itong matanggap sa pamamagitan ng pagtatanong sa kanila kung natanggap nila ang Banal na Espiritu nang sila'y nanampalataya: ***"1 At nangyari, na, samantalang si Apolos ay nasa Corinto, pagkatahak ni Pablo ng mga lupaing matataas ay napasa Efeso, at nakasumpong ng ilang mga alagad: 2 At sa kanila'y sinabi niya, Tinanggap baga ninyo ang Espiritu Santo nang kayo'y magsisampalataya? At sinabi nila sa kaniya, Hindi, hindi man lamang namin narinig na may ibinigay na Espiritu Santo. 3 At sinabi niya, Kung gayo'y sa ano kayo binautismuhan? At sinabi nila, Sa bautismo ni Juan. 4 At sinabi ni Pablo, Nagbabautismo si Juan ng bautismo ng pagsisisi, na sinasabi sa bayan na sila'y magsisampalataya sa darating sa hulihan niya, sa makatuwid baga'y kay Jesus. 5 At nang kanilang marinig ito, ay nangapabautismo sila sa pangalan ng PANGINOONG Jesus. 6 At nang maipatong na ni Pablo sa kanila ang kaniyang mga kamay, ay bumaba sa kanila ang Espiritu Santo; at sila'y nagsipagsalita ng mga wika, at nagsipanghula." (Mga Gawa 19:1-6 KJV)***

Ang pangako ng bautismo ng Banal na Espiritu ay ibinigay mismo kay JesuCristo, ***"5 Sapagka't tunay na si Juan ay nagbautismo ng tubig; datapuwa't kayo'y babautismuhan sa Espiritu Santo na di na malalaunan pa." (Mga Gawa 1:5 KJV)***

Ang pagbabautismo ng Banal na Espiritu ay simula pa lamang. Ito ay isang patuloy na pangyayari. Sinabi sa ***Efeso 5:18*** na tayo ay dapat mapuspos ng Espiritu. ***"18 At huwag kayong magsipaglasing ng alak na kinaroroonan ng kaguluhan, kundi kayo'y mangapuspos ng Espiritu;" (Epeso 5:18 KJV)*** Sinabi ni Jesus na ang sinumang mananampalataya sa Kanya ay mula sa kanila ay aagos ang mga bukal ng buhay na tubig, ***"37***

***Nang huling araw nga, na dakilang araw ng kapistahan, si Jesus ay tumayo at sumigaw, na nagsasabi, Kung ang sinomang tao'y nauuhaw, ay pumarito siya sa akin, at uminom. 38 Ang sumasampalataya sa akin, gaya ng sinasabi ng kasulatan, ay mula sa loob niya ay aagos ang mga ilog ng tubig na buhay." (Juan 7:37-38 KJV)***

Ano ang layunin ng bautismo ng Banal na Espiritu?

A. Ito ay isang daan patungo sa pangyayari sa labas ng normal na kalikasan. Nagiging mas mulat tayo, sa mas malaking sukat, sa espirituwal na kaharian at nakikita ang Dios na kumikilos sa labas ng normal na kalikasan.

B. Ang bautismo ng Banal na Espiritu ay nagbibigay kapangyarihan sa atin upang maging saksi hanggang sa dulo ng mundo, ayon sa ating babasahin. ***"8 Datapuwa't tatanggapin ninyo ang kapangyarihan, pagdating sa inyo ng Espiritu Santo: at kayo'y magiging mga saksi ko sa Jerusalem, at sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa kahulihulihang hangganan ng lupa." (Mga Gawa 1:8 KJV)***

C. Ang bautismo ng Banal na Espiritu ay nagbibigay-daan sa atin na manalangin. Nagsisimula tayong manalangin kapag nais ng Banal na Espiritu na manalangin tayo sa Espiritu sa lahat ng oras. ***"18 Na magsipanalangin kayo sa Espiritu ng lahat ng panalangin at daing sa buong panahon, at mangagpuyat sa buong katiyagaan at daing na patungkol sa lahat ng mga banal," (Epeso 6:18 KJV)***

Ngayon ay tatalakayin natin ang pagpapatong ng mga kamay. Ang pagpapatong ng mga kamay ay isang kilos kung saan ang isang tao ay inilalagay ang kanyang mga kamay sa katawan ng ibang tao, na may tiyak na layuning espiritwal. Kadalasan, kasabay nito ang isang panalangin o hula. Hindi ang pisikal na gawa ang mahalaga kundi ang espiritwal na kahulugan sa likod nito.

May mga halimbawa tayo mula sa Lumang Tipan tungkol sa pagpapatong ng mga kamay tulad ng mga sumusunod:

1. Ipinatong ni Jacob ang kanyang mga kamay sa kanyang mga apo mula kay Jose upang basbasan sila at upang gawing kanya sila upang basbasan si Jose ng dobleng bahagi, gaya ng ating nabasa dito, ***"5 At ang iyo ngang dalawang anak na ipinanganak sa iyo sa lupain ng Egipto bago ako naparito sa iyo sa Egipto, ay akin; si Ephraim at si Manases, gaya ni Ruben at ni Simeon ay magiging akin. 14 At iniunat ni Israel ang kaniyang kanang kamay, at ipinatong sa ulo ni Ephraim, na siyang bunso, at ang kaniyang kaliwang kamay ay sa ulo ni Manases, na pinapatnubayang sadya ang kaniyang mga kamay; sapagka't si Manases ang panganay. 15 At kaniyang binasbasan si Jose, at sinabi, Ang Dios na sa harap niya ay lumakad ang aking mga magulang na si Abraham at si Isaac, ang Dios na nagpakain sa akin sa buong buhay ko hanggang sa araw na ito, 16 Ang anghel na tumubos sa akin sa buong kasamaan, ay siya nawang magpala sa mga batang ito; at tawagin nawa sila sa aking pangalan, at sa pangalan ng aking mga magulang na si Abraham at si Isaac; at magsidami nawa silang totoo sa ibabaw ng lupa. 21 At sinabi ni Israel kay Jose, Narito, ako'y namamatay: nguni't ang Dios ay sasainyo, at dadalhin kayo uli sa lupain ng inyong mga magulang. 22 Bukod dito'y binigyan kita ng isang bahaging higit kay sa iyong mga kapatid, na aking kinuha ng aking tabak at ng aking busog sa kamay ng Amorrheo." (Genesis 48:5,14-16, 21-22 KJV)***

2. Ipinatong ni Moises ang kanyang mga kamay kay Josue gaya ng iniutos ng Dios upang mapuspos siya ng Espiritu ng karunungan at upang igalang siya sa harap ng kapulungan upang sila ay maging masunurin sa kanya, ***"18 At sinabi ng PANGINOON kay Moises, Ipagsama mo si Josue na anak ni Nun, isang lalake na kinakasihan ng Espiritu, at ipatong mo ang iyong kamay sa kaniya; 19 At iharap mo siya kay Eleazar na saserdote, at sa buong kapisanan; at pagbilinan mo siya sa kanilang paningin. 20 At lalagyan mo siya ng iyong karangalan upang sundin siya ng buong kapisanan ng mga anak ni Israel." (Bilang 27:18-20 KJV) "9 At si Josue na anak ni Nun ay napuspos ng diwa ng karunungan: sapagka't ipinatong ni Moises ang kaniyang mga kamay sa kaniya; at dininig siya ng mga anak ni Israel, at ginawa nila ang gaya ng iniutos ng Panginoon kay Moises." (Deutronomio 34:9 KJV)***

Mayroon din tayong mga halimbawa mula sa Bagong Tipan tungkol sa pagpapatong ng kamay tulad ng sumusunod:

1. Sa ***Marcos 6***, ipinatong ni Jesus ang Kanyang mga kamay upang pagalingin ang mga maysakit. ***"5 At hindi siya nakagawa doon ng anomang makapangyarihang gawa, liban sa ipinatong niya ang kaniyang mga kamay sa ilang mga maysakit, at pinagaling sila." (Marcus 6:5 KJV)***

2. Ipinapakita sa ***Lucas 4*** ang dalawang layunin ng pagpapatong ng mga kamay: para pagalingin ang may sakit at para paalisin ang mga demonyo, ***"40 At nang lumulubog na ang araw, ang lahat na may mga sakit ng sarisaring karamdaman ay dinala sa kaniya; at ipinatong niya ang kaniyang mga kamay sa bawa't isa sa***

***kanila, at sila'y pinagaling. 41 At nagsilabas din sa marami ang mga demonio na nagsisisigaw, na nagsasabi, Ikaw ang anak ng Dios. At sinasaway sila, na di niya sila tinutulutang mangagsalita, sapagka't naalaman nilang siya ang Cristo." (Lucas 4:40-41 KJV)***

3. Sa ***Mateo 19*** ipinatong ni ***Jesus*** ang kanyang mga kamay sa mga bata upang basbasan sila, ***"13 Nang magkagayon ay dinala sa kaniya ang maliliit na bata, upang ipatong niya ang kaniyang mga kamay sa kanila, at ipanalangin: at sinaway sila ng mga alagad. 14 Datapuwa't sinabi ni Jesus, Pabayaan ninyo ang maliliit na bata, at huwag ninyong pagbawalan silang magsilapit sa akin: sapagka't sa mga ganito ang kaharian ng langit. 15 At ipinatong niya ang kaniyang mga kamay sa kanila, at umalis doon." (Mateo 16:13-15 KJV)***

4. Sa ***Marcos 16*** Binasa natin na ang mga apostol ay inatasan din na ipatong ang kamay sa mga may sakit upang gumaling at gumaling mula sa karamdaman, ***"18 Sila'y magsisihawak ng mga ahas, at kung magsiinom sila ng bagay na makamamatay, sa anomang paraan ay hindi makasasama sa kanila; ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga may-sakit, at sila'y magsisigaling." (Marcus 16:18 KJV)***

5. Sa ***Mga Gawa 5:12*** sinasabi na maraming mga tanda at kababalaghan ang naganap sa gitna ng mga tao sa pamamagitan ng mga kamay ng mga apostol. ***"12 At sa pamamagitan ng mga kamay ng mga apostol ay ginawa ang maraming tanda at kababalaghan sa gitna ng mga tao: at nangaroon silang lahat na nangagkakaisa sa portiko ni Salomon." (Mga Gawa 5:12 KJV)***

6. Sa aklat ng Mga Gawa ang mga tao ay pinatungan ng mga kamay upang makatanggap ng bautismo ng Banal na Espiritu, ***"14 Nang mabalitaan nga ng mga apostol na nangasa Jerusalem na tinanggap ng Samaria ang salita ng Dios, ay sinugo nila sa kanila si Pedro at si Juan: 15 Na nang sila'y makalusong, ay ipinanalangin nila sila, upang kanilang tanggapin ang Espiritu Santo. 16 Sapagka't ito'y hindi pa bumababa sa kanino man sa kanila: kundi sila'y nangabautismuhan lamang sa pangalan ng PANGINOONG Jesus. 17 Nang magkagayo'y ipinatong sa kanila ang kanilang mga kamay, at kanilang tinanggap ang Espiritu Santo." (Mga Gawa 8:14-17 KJV) "17 At umalis si Ananias at pumasok sa bahay; at ipinatong ang kaniyang mga kamay sa kaniya na sinabi, Kapatid na Saulo, ang PANGINOON, sa makatuwid baga'y si Jesus, na sa iyo'y napakita sa daan na iyong pinanggalingan, ay nagsugo sa akin, upang tanggapin mo ang iyong paningin, at mapuspos ka ng Espiritu Santo." (Mga Gawa 9:17 KJV) "6 At nang maipatong na ni Pablo sa kanila ang kaniyang mga kamay, ay bumaba sa kanila ang Espiritu Santo; at sila'y nagsipagsalita ng mga wika, at nagsipanghula." (Mga Gawa 19:6 KJV)***

7. Sa aklat ng Mga Gawa, ang mga tao ay pinatungan ng kamay upang italaga bilang mga diyakono at ministro na hiwalay para sa mga tiyak na gawain, ***"1 Nang mga araw ngang ito, nang dumadami ang bilang ng mga alagad, ay nagkaroon ng bulongbulungan ang mga Greco-Judio laban sa mga Hebreo, sapagka't ang kanilang mga babaing bao ay pinababayaan sa pamamahagi sa araw-araw. 2 At tinawag ng labingdalawa ang karamihang mga alagad, at sinabi, Hindi marapat na aming pabayaan ang salita ng Dios, at mangaglingkod sa mga dulang. 3 Magsihanap nga kayo, mga kapatid, sa inyo, ng pitong lalake na may mabuting katunayan, puspos ng Espiritu at ng karunungan, na ating mailalagay sa gawaing ito. 4 Datapuwa't magsisipanatili kaming matibay sa pananalangin, at sa ministerio ng salita. 5 At minagaling ng buong karamihan ang pananalitang ito: at kanilang inihalal si Esteban, taong puspos ng pananampalataya at ng Espiritu Santo, at si Felipe, at si Procoro, at si Nicanor, at si Timon, at si Parmenas, at si Nicolas na taga Antioquia na naging Judio; 6 Na siyang iniharap nila sa mga apostol: at nang sila'y mangakapanalangin na, ay ipinatong nila ang kanilang mga kamay sa mga yaon." (Mga Gawa 6:1-6 KJV) "1 Sa iglesia nga na nasa Antioquia ay may mga propeta at mga guro, si Bernabe, at si Simeon na tinatawag na Niger, at si Lucio na taga Cirene, at si Manaen na kapatid sa gatas ni Herodes na tetrarka, at si Saulo. 2 At nang sila'y nagsisipaglingkod sa PANGINOON, at nangagaayuno, ay sinabi ng Espiritu Santo, Ibukod ninyo sa akin si Bernabe at si Saulo sa gawaing itinawag ko sa kanila. 3 Nang magkagayon, nang sila'y makapagayuno na at makapanalangin at maipatong ang mga kamay nila sa kanila, ay kanilang pinayaon sila. 4 Sila nga, palibhasa'y sinugo ng Espiritu Santo, ay nagsilusong sa Seleucia; at buhat doo'y nangaglayag hanggang sa Chipre." (Mga Gawa 13:1-4 KJV)***

***Sa aking mahal at minamahal:*** Natanggap mo na ba ang bautismo ng Banal na Espiritu? Kung hindi pa, aktibo ka bang nanalangin at naghahanap ng bautismo? May nagpatong na ba ng mga kamay sa iyo at natanggap mo ba ang isang ministeryo pagkatapos nito? * Ang panalangin at paghahanap ng bautismo ng Banal na Espiritu at ang pagpapatong ng mga kamay ay ang paraan upang matanggap ang bautismo ng Banal na Espiritu. * Ang pamumuhay sa kabanalan, paggawa at pagsunod sa kalooban ng Dios, at laging nanalangin at hanapin ang Dios upang matanggap ang bautismo ng Banal na Espiritu at maging bukas at tanggapin at matanggap ang pagpapatong ng mga kamay ay ang paraan upang matanggap mo ang bautismo ng Banal na Espiritu.

Manalangin tayo…

***Ang aking Panalangin:*** *Ama Dios, Ako'y lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon, salamat sa iyo sa iyong Salita na nagturo sa akin tungkol sa bautismo ng Banal na Espiritu at sa pagpapatong ng kamay. Panginoon, salamat sa iyo sa iyong mabuting plano at kalooban na mayroon ka sa aking buhay. Panginoon, salamat sa lahat ng materyal at espirituwal na mga pagpapala na aking natanggap mula sa iyo. Panginoon, salamat sa lahat ng mga pagsaway, pagtutuwid, at pangangaral na aming natanggap sa mensaheng ito.*

*Lumapit ka na ngayon sa Dios at magsisi at itakwil ang lahat ng iyong mga kasalanan. Magsisi ka sa iyong kayabangan at kakulangan sa kababaang-loob. Magsisi ka sa iyong kakulangan sa pananampalataya at sa iyong mga alinlangan. Magsisi ka sa paggawa ng iyong sariling kalooban at plano at hindi ang kalooban at plano ng Dios. Magsisi ka sa iyong katamaran, galit, mga pagtatalo, inggit, selos, pag-inom, pagsisinungaling, at iba pang gawa ng laman. Magsisi ka sa iyong kakulangan sa pagbabasa ng Salita ng Dios at sa kakulangan ng pananalangin. Magsisi ka sa iyong walang kahandaang maglingkod sa Dios at magtiis para kay Cristo. Panginoon, ako'y nagsisi, patawarin mo ako sa mga sumusunod na kasalanan ___________________________________________.*

*Panginoon, ako'y lumuluhod sa iyong mga paanan, tinatalikuran ang lahat ng aking mga kasalanan, ang aking lumang buhay at lahat ng aking mga plano, handang sundin ka at gawin ang iyong kalooban nang buo. Panginoon, puspusin mo ako ng Banal na Espiritu at gamitin mo ako upang maglingkod sa iyo. Panginoon, ipagkaloob mo sa akin ang mga espirituwal na kaloob upang makapangaral, makagawa ng bagong mga alagad, ipangaral ang iyong mga salita, pagpapatong ng mga kamay, magpagaling sa mga may sakit, magpalayas ng mga demonyo, at maabot ang mga bagong lugar sa pamamagitan ng Evagelio ni Jesus. Panginoon, patnubayan mo ako, protektahan at iligtas ako mula sa masama. Panginoon, ipagkaloob mo ang aking mga pangangailangan upang patuloy kitang paglingkuran.*

*Panginoon, pagpalain mo ang aming mga Kapatid na lalake at babae na isinuko ang kanilang mga plano at kalooban sa iyo at inialay ang kanilang buhay upang maglingkod sa iyo. Panginoon, puspusin mo sila at bautismuhan ng Banal na Espiritu at pagkalooban sila ng mga Espiritwal na kaloob na kailangan nila upang maglingkod sa iyo.*

Sa mga hindi pa nakakatanggap ng bautismo ng Banal na Espiritu, hinihiling namin sa iyo na lumapit kayo upang maipatong namin ang aming mga kamay at ipanalangin kayo upang matanggap ang bautismo ng Banal na Espiritu. (Ipatong ang kamay at ipanalangin ang mga lumalapit para sa panalangin upang matanggap ang bautismo ng Banal na Espiritu.)

*Panginoon, habang ipinapatong namin ang aming mga kamay sa aming mga Kapatid at mga Kapatid na Babae, hinihiling namin na ibuhos mo ang iyong Banal na Espiritu sa kanila at bautismuhan sila ng iyong Banal na Espiritu upang magsalita sa mga wika at upang ibigay sa kanila ang mga Espiritwal na kaloob na kailangan nila upang paglingkuran Ka, kaloob ng pananampalataya, kaloob ng pagpapagaling, pagsasalita ng mga wika, mensahe ng karunungan, mensahe ng kaalaman, kaloob ng ebanghelismo, pagtuturo, pagpapalakas, pangangalaga, propesiya, pamamahala, paglilingkod, pag-aalalay, pagbibigay at pagpapakita ng habag, sa pangalan ni Jesus Amen.*

*Panginoon, pagpalain mo kami bilang iyong simbahan at tulungan mo kami na patuloy na magtiyaga sa pangangaral ng iyong Salita at sa pagpapahayag ng iyong kalooban sa mga tao. Panginoon, patuloy mo kaming patnubayan sa pagpapatong ng kamay sa mga may sakit upang gumaling, sa pagpapaalis ng mga demonyo at sa pagpapatong ng kamay at pagdarasal upang matanggap ng mga tao ang bautismo sa Banal na Espiritu. Panginoon, ipinagkakaloob namin ang aming mga sarili upang patuloy na mangaral at ipalaganap ang iyong Salita. Panginoon, bigyan mo kami ng kakayahan na pumunta at gumawa ng mga bagong alagad at bautismuhan sila sa pangalan ng Ama, ng Anak, at ng Banal na Espiritu. Panginoon, pangunahan mo kami at tulungan sa pagtuturo ng mga bagong manggagawa na maglingkod sa iyo, magtanim ng bagong mga pag-aaral ng Bibliya at bago mga kongregasyon para sa simbahan. Panginoon, dalangin namin na mas marami pang tao ang mabautismuhan sa tubig at makatanggap ng bautismo sa Banal na Espiritu. Panginoon, dalhin ang mensahe at ipalaganap ito upang maabot ang mga taong nangangailangan ng iyong Salita. Panginoon, tuparin mo ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pamamagitan ng pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios.' Panginoon, pagpalain mo kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at palayain kami mula sa kapahamakan upang hindi namin maramdaman ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen*

Dr. Ramiz Khalaf

Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com